

# 1

Nagising si Frankie sa tunog ng alarm clock niya. Kaagad siyang napadilat at napaupo sa kama. Naglalaro sa isip niya kung dapat na ba siyang bumangon o matulog muli dahil ayaw niyang harapin ang araw na iyon. Alas seis lang ng umaga at nakagawian na niyang gumising nang maaga, may pasok man o wala.

Isang araw na lang at kasal na ng nakakabata niyang kapatid na si Ashley. Twenty-two lang ang huli at nakapagtapos ng kolehiyo noong nakaraang taon at ilang buwan pa lamang nagtatrabaho sa isang opisina sa Makati nang i-announce nito na magpapakasal na sila ni Edward, ang college sweetheart nito.

Apat silang magkakapatid na babae. Siya ang panganay. Ang sumunod ay si Corinne, twenty-nine years old, may-asawa na ito at isang anak. Sinundan ni Ashley at ang bunso ay si Adriana, eighteen years old, second year college at may boyfriend na rin. Siya si Francheska Miranda also known as Frankie, single since birth. Dahil sa edad na treinta y dos ay never pa niyang naranasan magka-boyfriend. At kinabukasan ay magte-treinta y tres na siya. Sa madaling salita,

ang araw ng kasal ni Ashley ang kaarawan niya at para bang sinaksak ang puso niya nang sabihin iyon ng kanyang kapatid.

*“Bakit mo naman itinapat sa birthday ko ang kasal mo?” nakakunot-noo na tanong ni Frankie sa kapatid nang sabihin nito ang wedding date nila ni Edward.*

*“Oh, my! Nakalimutan ko na birthday mo pala ang June 11. Hayaan mo na, Ate, tutal wala ka naman laging celebration tuwing birthday mo. At least, this year ay bongga ang birthday mo dahil nataon sa kasal ko. Malay mo, your luck will finally change at magka-love life ka na din sa wakas at mahahawa ka sa suwerte ko!” sagot nito, sabay halakhak.*

Ganoon siya tratuhin ni Ashley. Para bang joke lang ang buhay niya. Dahil para rito ay katawa-tawa ang pagiging single niya since birth at ang kawalan niya ng active social life at mga manliligaw.

Super beautiful ang tatlo niyang nakakabatang kapatid. Pang-model o beauty queen ang tindig at ganda ng mga ito. Siya lang ang naiba.

In fairness, hindi naman siya pangit. Hindi lang niya kamukha ang mga kapatid, kaya madalas nasasapawan siya ng mga ito. Isa pang disadvantage niya ay hindi siya kasing-brainy ng tatlo. Naka-

graduate din naman siya sa magandang universidad, pero average student lang siya, taliwas sa mga kapatid na mga honor students.

Ayaw man niyang ma-depress sa kapalaran niya ay dumadaan din siya sa matinding lungkot kapag naikukumpara siya sa kanyang mga kapatid. Lalo pa at sa isang mid-size company lang siya nagtatrabaho. Kahit pa manager na rin siya roon ay hindi siya achiever tulad ng mga kapatid niya.

Si Corinne ay isang abogado at nag-top sa bar exams kahit pa buntis ito nang kumuha niyon. Si Ashley naman ay consistent dean's lister at unti-unting tumataas ang posisyon sa isang multinational company. Habang si Adriana ay dean's lister din at scholar sa isang prestigious university.

Ganoonpaman ay malapit pa rin silang magkakapatid kahit pa madalas siyang binu-bully ng mga ito lalo na ni Ashley. May soft heart kasi si Frankie pagdating sa kanyang mga kapatid kahit pa nagmamaldita ang mga ito sa kanya.

Nang gabing iyon ang pre-wedding dinner para sa wedding entourage nina Ashley at Edward. Sa hotel kung saan gaganapin ang reception ng kasal ang venue rin ng pre-wedding dinner. Imbitado ang buong entourage at ang mga pamilya ng bride and

groom pati ang pari na mag-o-officiate ng kasal.

Frankie was dreading that night. Alam niya kasing out of place na naman siya. Dahil tiyak na siya lamang ang walang date sa okasyong iyon. Inalis na lang niya ang bagay na iyon sa kanyang isip at nahigang muli sa kama. Sabado naman at wala siyang trabaho, kaya may lisensya siyang magpaikot-ikot sa kama at mag-imagine kung kailan mag-iiba ang takbo ng kanyang kapalaran.

Kahit hindi siya kasing-ganda ng mga kapatid ay may hitsura siya. Slim ang kanyang pangangatawan at masayahin ang personality. Mabait siya at madami siyang kawanggawa na ginagawa sa parokya at sa kanilang baranggay. In short, model citizen, perfect sister at dutiful daughter si Frankie.

Si Frankie ang taong laging maaasahan kaya nga pakiramdam niya minsan na para siyang doormat na dinadaan-daan lamang. Laging sinasabi ng kanyang mga magulang na siya ang pinaka-reliable at dependable sa kanilang magkakapatid. Ang ibig nilang sabihin, madali siyang mabola o mauto.

Naputol siya sa pagiging sentimental nang mag-buzz ang kanyang cellphone. Kaagad niyang tiningnan ang message at hindi na siya nagulat nang makitang galing iyon kay Ashley.

*“Te, follow-up mo ’yung flowers at giveaways, ha. Print mo na din ang ang seating arrangement sa reception. Ayokong ma-stress kaya make sure na maging maayos lahat.”*

Ganoon ang message ni Ashley, walang ‘please’ at ‘thank you’. Ang ipinagtataka niya ay bakit kailangan pa siyang utusan nito gayong may wedding planner naman ito.

Muling tumunog ang cellphone niya at galing naman kay Corinne ang message. *“Te, bilhan mo nga pala ng white shoes si Andi. Ayaw kasi ni Ashley na pink ang gamitin niya, eh. Alam mo naman size niya, di ba? Need it by tonight, need to work. Ikaw na bahala ha.”*

Napapikit na lamang si Frankie at bumilang siya hanggang sampu para makalma ang sarili. Pagod na rin siya sa tila pagturing sa kanya bilang utusan ng kanyang pamilya. Sabagay, sinanay kasi niya ang mga ito kaya hirap siya ngayong tumanggi sa mga utos at pakiusap nila. Madalas siyang sinasabihan ni Jamie, ang matalik niyang kaibigan na nakatira na sa Singapore kasama ang asawa at ang anak nito, na maging firm na siya para respetuhin naman siya ng mga ito, pero kahit anong gawin niya ay hindi siya sineseryoso ng pamilya. Dahil kaunting lambing

lang ng mga kapatid niya ay lumalambot kaagad ang kanyang puso.

Isang kasunod na text message ang natanggap ni Frankie. Isang ngiti na ang lumitaw sa kanyang mga labi dahil galing iyon kay Jamie.

*“Besty, ready ka na ba sa wedding of the century ng kapatid mo? Don’t feel down kung wala man makaalala sa pamilya mo sa birthday mo, eto ako at kahit bukas pa ang special day mo ay babatiin na kita ng Happy, happy birthday. Don’t let the wedding get you down, just enjoy your day. Talk to u soon.”*

Kaagad na gumaan ang pakiramdam ni Frankie. Iba talaga ang encouragement na ibinibigay sa kanya ng kaibigan.

Nag-reply siya kaagad dito. *“Thanks, Besty. Don’t worry, I won’t let anything get me down starting today. I’ll just breathe deeply and pray and I know I’ll get through the next few days. Talk to u soon.”* At kaagad niyang ipinadala ang message.

Isang katok sa pinto ng kanyang silid ang sumunod na gumulo sa kanyang umaga.

“Pasok,” sagot ni Frankie at tumayo na siya para ayusin ang kanyang higaan.

Ang kanyang ina na si Stella ang pumasok. “O, Frankie, ’yung mga cocktail dress natin, kunin mo na mamaya, ha? At puntahan mo na uli ang salon para i-confirm ang pag-makeup sa atin sa hotel bukas,” paalala nito.

“Yes, Ma,” tugon niya.

“Tapos dumaan ka na din sa simbahan para i-check ang preparation at puntahan mo na din si Father Aries para i-remind ang dinner mamaya, okay?”

“Okay, Ma,” sagot ng dalaga.

“Sa hotel ka na tumuloy pagkatapos ng mga errands mo. Magpapa-spa kami ng mga kapatid mo kaya humabol ka. I really think you need a massage and facial.”

“Opo, Ma,” malamyang tugon niya.

“Okay ka lang ba? Bakit parang wala kang kagana-gana sa mga sagot mo?”

“Ma, kakagising ko lang. Pagbukas ko ng cell ay puro utos ang messages nina Ashley at Corinne ’tapos heto kayo at may dinagdag pa. Iniisip ko pa lang ang gagawin ko ay pagod na ako kaya pasensya na po.”

“Pasensya din, Hija, alam mo namang may pagka-

OC ang kapatid mo. Gusto niya lahat perfect. Ikaw na sana ang magpaumanhin kung madami kaming pinagagawa sa iyo patungkol sa big day niya bukas. Ikaw lang naman kasi ang maasahan namin, eh,” mahinahong sagot ni Stella.

“Okay lang, Ma. Ganyan talaga ang role ng isang ate. Hayaan n’yo at gagawin ko lahat ng ipinagagawa n’yo sa akin, kaya mag-relax na kayo at ako na ang bahala,” paniniguro niya.

“Iba ka talaga, Frankie, mabait at mabuti kang anak at kapatid. Tara na at mag-almusal ka na at nagluto ako ng paborito mong tapsilog,” anito.

“Salamat, Ma. Ligo lang ako at bababa na agad ako,” nakangiting tugon niya.

Nang umalis ang kanyang ina sa kuwarto ay napaupo siyang muli sa kama. Bumilang siya ng tatlo at huminga nang ubod-lalim. Breathing technique iyon ni Frankie para makalma niya ang sarili. It was going to be a busy weekend and Frankie couldn’t wait for Monday when the wedding is done and over with. She just wanted to breathe normally again.

One good thing about this weekend was that she would forget it’s her birthday. Another birthday to spend being single. Another birthday that she would



be alone even if she's surrounded by a lot of people.

---

Matapos mag-almusal ay lumarga na si Frankie para gawin ang mga natitirang errands para sa big day nina Ashley at Edward. Ang huling stop niya ay ang designer para kunin ang mga cocktail dresses na isusuot nilang magkakapatid nang gabing 'yun.

Isang fuschia cocktail dress ang isusuot niya. Hindi siya sanay maging fashionista, di tulad ng kanyang mga kapatid na parang mga modelo kung magbihis araw-araw. Sanay lang siya sa simpleng outfit na black slacks at plain colored blouses na pampasok araw-araw. Mababa lamang ang takong ng mga sinusuot niyang sapatos dahil nga sa nagko-commute lang siya, kaya dapat komportable ang mga paa niya sa paglalakad. Hindi pa niya afford ang magkaroon ng kotse dahil hindi naman kalakihan ang sahod ni Frankie.

Masaya siya dahil natapos niya lahat ang nasa to-do list niya nang araw na iyon. Ipinahiram sa kanya ng daddy niya ang sasakyan nito, kaya napabilis ang gawain niya.

May-kaya ang pamilya nila. Mataas ang posisyon ng kanilang ama sa isang malaking korporasyon

at isang marketing executive naman ang kanilang ina. Career-oriented talaga ang pamilya nila at pakiramdam ni Frankie na hindi masaya ang mga magulang sa itinatakbo ng kanyang career pati na din ang kawalan niya ng love life.

Nag-text siya sa kanyang ina para sabihin na nasa hotel na siya at kaagad itong sumagot na kumuha na lang daw siya ng card sa reception area para makapasok siya sa kuwarto nila ni Adriana. Sinabihan din siya nito na kung gusto niyang mag-spa ay sumunod na lamang siya sa sixth floor dahil nandoon ang mga ito.

Nagdesisyon si Frankie na magpahinga na lamang. Mas nanaisin niya pa ang matulog kaysa magpamasahe. Mas gusto niyang mapag-isa muna kahit ilang oras lamang.

Bitbit ang mga kahon ng cocktail dresses ay hindi niya nakita na may makakasalubong pala siya kaya naman laking gulat ni Frankie nang may bumangga sa kanya. Natumba siya sa carpeted marbled floor ng hotel. Mabuti na lamang at nakapantalon siya dahil hindi maganda ang pagkakatumba niya.

“Oh, I’m sorry. Are you hurt?” tanong ng isang lalaki.

Nakasuot ito ng blue polo shirt at maong jeans. Naka-shades din ito kahit pa nasa loob ng hotel.

Kaagad siyang tinulungan nito na makatayo. She felt a surge of electricity coursing through her body when he touched her and that totally surprised her. Tinanggal nito ang shades at para bang bahagyang nawalan ng oxygen sa katawan si Frankie nang masilayan niya ang guwapong mukha nito.

Unang beses matapos ang mahabang panahon ay saka lamang siya muling nakaramdam ng ganoon. Para bang slow motion ang lahat at tila ba nakatapak siya sa ulap. Ganoon ba talaga ang feeling ng love at first sight? In her distant past, nakadama na rin siya ng instant infatuation pero hindi ganoon klaseng intensity. Sa nararamdaman niya ngayon, para bang may sumuntok sa kanyang sikmura at wala siya sa tamang ulirat.

“Are you hurt? Do you want to sit down?” nag-aalalang tanong ng lalaki.

“Ha? Uhm...” Hindi siya makapagsalita nang derecho na para bang umurong ang kanyang dila.

“C’mon, I’ll help you,” hikayat ng misteryosong poging lalaki.

Hinawakan nito ang siko ni Frankie at napatalon

siya dahil tila nakuryente na naman siya sa pagkakahawak nito sa kanyang balat.

“Are you okay?” muli ay tanong ng estranghero.

“I... I’m f-fine,” nabubulol na sagot niya.

“C’mon, I’ll help you sit down.” At inakay siya nito patungo sa isang bahagi ng lobby kung saan maraming sofa. Kinuha rin nito ang nahulog na mga kahon ng damit at binitbit.

Matangkad ang lalaki. Six footer ito at mestizo ang features. Matangos ang ilong at maganda ang profile. Panakaw lang ang tingin na ibinigay niya rito at baka mahuli siya nito.

Nang maiupo siya ng estranghero sa sofa ay saka lamang nagkaroon ng lakas ng loob na magsalita ang dalaga. “Thanks for helping me out.”

“I’m really sorry for your fall, I admit I wasn’t really looking at where I was going so it’s entirely my fault. Forgive me, please?” anitong nakangiti.

Iba rin ang magic ng ngiti nito lalo na nang lumabas ang mga dimples sa magkabilang pisngi. Napalunok na lang si Frankie. Hindi siya sanay na ma-attract nang ganoon sa isang lalaki. Parang manhid na ang kanyang puso pagdating sa mga ito. Dahil ang

madalas niyang karanasan ay nasa friend zone lang siya sa mga naging crushes niya noon, kaya tinuruan na niya ang sarili na i-control ang kanyang feelings para hindi na siya masaktan.

“It’s okay, I wasn’t looking to where I was going too, it was just an accident so no need to apologize,” sagot niya. Bahagya siyang bumilib sa sarili dahil hindi na siya nabulol pa, pero hindi pa rin siya makatingin nang derecho sa mga mata ng kausap.

“Are you hurt? Do you need to go to a doctor?”

“Only my pride got hurt,” birong sagot niya.

“I hope I can make it up to you,” anang lalaki.

Biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso. Di kaya aayain siya nitong mag-date?

“Well,” umpisa niya pero hindi na naituloy ang sasabihin dahil may lalaking biglang dumating.

“Bro, there you are. We need to go now. The car is waiting for us and we’ve been waiting for you for fifteen minutes already,” aburidong wika ng isang pogi rin lalaki.

“Okay, okay, I’ll be there,” sagot ng lalaking nakabunguan ni Frankie. Tumingin ito sa kanya. “I hope you’ll be okay and hopefully, I can see

you around the hotel. Are you staying here or just dropping off something?”

Hindi pa man nakakasagot si Frankie ay sumingit uli ang kasama ng lalaki.

“Bro, let’s go,” pangungulit nito.

“Go on, I’ll be fine. It was nice bumping into you,” biro niya.

Muli ay ngumiti ito. “Yeah, it was really nice bumping into you. I have to go,” anito.

“Bye,” sagot niya pero hindi na iyon narinig ng lalaki dahil hinila na ito ng kasama.

Nanatili pa si Frankie sa sofa. Hindi niya alam kung ano ang kanyang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Magkahalong saya at panghihinayang dahil baka hindi na niya makita pang muli ang lalaki. Inisip niya na lang kung sadyang destined to meet sila ay magkikita’t magkikita sila uli kung hindi naman ay kailangan niyang mag-move on at isipin na isang magandang panaginip lang ang nangyari.

Isa lang ang sigurado, napatunayan ni Frankie na gumagana pa pala ang kanyang puso at hindi pa tuluyang namanhid tulad ng kanyang inakala. Sana nga lang may part two pa ang chance encounter nila

*Never A Bride - Mariflor Jose*

---

ng lalaking di man lang niya nalaman ang pangalan. Bigla siyang na-excite na baka nga mabago ng weekend na iyon ang takbo ng kanyang buhay. She may be turning thirty-three but hopefully, it's not too late to find her Prince Charming. Maybe love would find its way to her this time!

## 2

Nang makarating si Frankie sa suite nila ni Adriana at nakapagpahinga na siya sandali ay saka lamang siya nahimasmasan. Sinaway niya ang sarili na huwag agad-agad mag-ilusyon ng happy ever after dahil lamang mayroon siyang nakabungguang guwapong lalaki.

Inayos niya ang mga damit na isusuot nila. Ang wedding gown at ang mga gowns na isusuot sa kasal ide-deliver nang hapon na 'yun. Hindi siya kasama sa entourage, si Corinne ang matron of honor nito at isa si Adriana ang isa sa mga bridesmaids. Ang magiging papel ni Frankie ay pagkanta ng ilang awitin sa simbahan. Napakaganda ng kanyang tinig, kaya hiniling ni Ashley na siya ang kumanta sa wedding ceremony.

Inaamin niya sa sarili na mababa ang kumpiyansa niya sa sarili lalo na kapag naikukumpara siya sa mga kapatid, pero panahon na siguro para ma-overcome niya iyon. She might had been overlooked all her life but it's time for the world to see the real Frankie.

---



“Te, naayos mo ba ’yung mga sinabi ko sa iyo kaninang umaga?” bungad na tanong ni Ashley nang nagtungo ang mga ito sa suite nila ni Adrianna matapos ang spa session.

“Oo, tapos na po,” nakangiting sagot ni Frankie.

“Eh, ’yung sapatos ni Andi, nabili mo ba?” tanong naman ni Corinne.

“Nasa paper bag,” sagot niya at itinuro ang isang paper bag sa sofa.

“Si Father Aries nakausap mo ba? ’Yung mga damit na isusuot natin, nakuha mo ba?” usisa ni Stella.

“Yes, Ma, nagawa ko lahat ng errands na pinagagawa n’yo. Nasa closet ang mga damit na isusuot natin. ’Yung mga gowns mamaya daw ide-deliver,” aniya.

“Ate, bakit super ang ngiti mo? At bakit parang blooming ka? Iba yata ang glow ng mga mata mo ngayon, ha! Ano ba ang nangyari sa iyo?” sunod na sunod na tanong ni Adriana.

“Ha? Wala, masaya lang ako dahil tapos na ang preparation para bukas. Puwede na akong mag-relax kahit isang gabi lang,” sagot niya.

Never niyang ise-share ang naging kaganapan sa lobby ng hotel at tiyak napagtatawanan lang siya ng mga ito. Mamaliitin lang ng mga kapamilya ang nangyari at made-depress lang si Frankie. Kaya secret na niya iyon. Maglalakad-lakad na lang siya sa lobby mayamaya at baka sakaling magkita muli sila ng handsome stranger.

“Gan’un? Parang may iba talaga,” iiling-iling na puna ni Adrianna.

“Wala, huwag ka ngang suspetyosa diyan,” saway niya.

Nagkibit-balikat na lang si Adriana at naupo ang apat na babae sa sofa at nagkuwentuhan tungkol sa excitement nila para sa kasal ni Ashley. Bahagyang nalungkot si Frankie dahil pulos tungkol sa kasal ang usapan nila at hindi man lang nabanggit na kaarawan niya din kinabukasan.

Nagtungo na lang siya sa banyo para maligo upang maiwasan na niyang marinig ang usapan ng mga ito. Para kasing maluluha siya dahil pakiramdam niya ay binale-wala ng mga ito ang espesyal din niyang araw kinabukasan. She shook her sadness away.

After all, tomorrow would be the start of a

brand-new year for her. Ang importante ay masaya silang pamilya dahil sa pagpapakasal nina Ashley at Edward. Iyon na lang ang iisipin niya.

---

“Wow, Ate! Iba talaga ang glow mo ngayon, parang may sparkle ang mga mata mo at kahit walang blush ay mapula ang mga pisngi mo. May isinisekreto ka ba sa amin?” tanong ni Adriana. ‘Ria’ ang palayaw nito.

“Oo nga, Hija, you really looked stunning in that dress. Lumabas ang pagkaputi ng balat mo. Ashley, that’s a good color choice for your Ate Frankie,” puna ni Stella.

“Well, ako pa ba ang magkakamali sa pagpili ng damit para sa atin? Even the cut suits her, too. But enough about Ate at baka ma-upstage niya pa ako. Ako dapat ang center of attention. Di ba I look really gorgeous in this red dress?” ani Ashley.

Umikut-ikot pa ang future bride na tila ba ipinapakita kung sino ang pinakamaganda sa magkakapatid. Pero imbis na manliit tulad ng nakagawian ni Frankie tuwing kinukuha ni Ashley o ng iba niyang kapatid ang spotlight ay ngumiti na lang siya. Hindi na siya magpapaapekto pa sa mga

pasaring nito sa kanya. Ang importante ay masaya siya sa kanyang hitsura nang gabing iyon at kahit pa walang makapansin sa kanya ay ayos lamang. She might not be as gorgeous as her sisters, but she was beautiful in her own right.

“O, tara na at baka nasa function room na ang mga bisita natin,” ani Stella.

“Mauna na kayo. I want to make a grand entrance. Text me kapag kompleto na ang mga bisita. I want to be the last one to arrive,” maarteng wika ni Ashley.

Umiling-iling si Adriana. “Drama queen ka talaga, Ate Ashley, may nalalaman ka pang grand entrance diyan. Ay naku! Tara at iwan na natin siya at tawagin natin kapag natapos na ang party. Tiyak ko si Ate Frankie ang mapapansin ngayong gabi dahil super beautiful siya,” pilyang sagot ni Adriana.

Si Adriana ang pinaka-close kay Frankie. Ito rin ang tagapagtanggol niya kay Ashley na talaga naman sobrang pilya at pasaway.

Umirap lang ang bride-to-be at umupo sa sofa. “Ah, basta, call me as soon as everyone arrives. Maaaring mapansin si Ate Frankie tonight, but no doubt the spotlight would be on me as soon as I come in.”

Muli ay umiling-iling si Adriana pati ang kanilang ina habang tahimik lang si Frankie at hindi na nagkomento pa. Naunang umalis si Corinne dahil bibihisan pa nito ang two-year-old daughter na si Andi. Nasa kabilang suite ang pamangkin ni Frankie kasama ang asawa ni Corinne na si Victor.

Sabay-sabay silang tatlong mag-iina na nagpunta sa function room. Naroon na ang kanilang padre de pamilya na si Ernesto. Kausap na nito ang mga magulang ni Edward. Naroon na rin ang future groom at ang ilan sa mga kamag-anak nito.

Feeling awkward si Frankie dahil sa hindi siya sanay makipagsosyalan, pero dahil sa naipangako niya sa sarili na magiging pro-active na siya ay nag-ikut-ikot na rin siya para makipag-usap sa mga bisita. Mas ginanahan siya nang maraming pumuri sa hitsura niya nang gabing iyon. Pati ang kanyang amang si Ernesto ay hindi makapaniwala sa transformation niya.

“Is that really you, Francheska?” tanong nito.

“Yes, it’s me, Dad,” sagot niya.

“Well, it’s a nice change from your usual look. Keep it up.” Tinapik nito ang balikat ng panganay na anak at saka lumayo sa kanya.

Nangiti si Frankie dahil sa sinabi ng ama. Bibihira lang siya kung purihin nito, kaya labis ang sayang nadama niya dahil approved ito sa hitsura niya nang gabing 'yun. Lalong lumakas ang kumpiyansa niya sa sarili.

“Ate Frankie, muntik na kitang di makilala, ah. Ang ganda-ganda mo naman ngayon. P’wede ba kitang ipakilala sa mga pinsan kong galing sa States?” ani Edward, ang groom ni Ashley.

Mabait si Edward sa kanya. Madalas nga niyang naririnig na pinagsasabihan nito si Ashley na huwag masyadong magmaldita sa kanya. Mabuti ang loob ni Edward bukod pa sa guwapo at matalino rin ito. Galing ito sa mahusay na pamilya at masuwerte ang kanyang kapatid dahil tanggap ni Edward ang pagiging maldita at pasaway nito.

“Ah... eh... sige,” sagot ni Frankie. Lumapit sila sa kinaroroonan ng mga pinsan nito.

Matapos siya ipakilala ni Edward sa mga kapamilya nito ay nagpasya ang dalaga na maglakad-lakad sa lobby. Palabas siya ng function room nang sabay na may nagbukas ng pinto galing sa labas. May dala siyang isang kopita na may laman na red wine na iniabot ng isang waiter na naglilibot sa function room. Kaya naman nasaboy sa kanyang damit ang

alak at siya ay napasigaw.

“Ow, shucks!” gulat na bulalas niya. Kaagad niyang tiningnan ang damit at nakita niyang may bakas na iyon ng red wine.

“Oh, I’m sorry, I didn’t mean to spill wine on your dress,” anang lalaki na nagbukas ng pinto galing sa labas.

Biglang lumukso ang kanyang puso nang makita ni Frankie ang mukha ng nagsalita. Suot ang isang long-sleeved polo shirt at black pants, guwapong guwapo ang kaharap at kaagad niya itong namukhaan.

“Oh, it’s you again,” nasambit niya.

Biglang nagliwanag ang mukha ng estranghero nang mamukhaan din siya nito.

“Oh, the lovely girl I bumped into earlier. You must think I’m a klutz, bumping into you everywhere,” anito.

“No, no, both times were accidents,” pagtanggap niya sa komento ng lalaki.

“Maybe those were accidents of fate,” nakangiting turan nito.

Lalong bumilis ang tibok ng puso ni Frankie. “Are

you a relative of Edward from California?”

“Yes, how about you? Are you a relative of Ashley?”

“Yes, I’m her sister.”

“Oh, you’re one of the sisters,” anitong tatangutango.

“Yes, I’m the oldest, I’m Frankie,” pakilala niya sa lalaki.

“Oldest? Are you sure about that?” sabi nito sa tonong nagbibiro.

“Oh, yes, I’m the oldest.”

“By the way, I’m Chase Roxas, a cousin of the groom.”

Napangiti ang dalaga dahil sa wakas ay alam na niya ang pangalan nito at pinsan pa ito ni Edward.

“Do you know how to speak Tagalog?”

“Konti lang but I really want to learn,” sagot ni Chase.

“Oh, that’s nice. Why do you want to learn Tagalog? Are you staying here for long or just for the wedding?” curious na tanong niya. Tumingin din



siya sa palasingsingan ng kausap para makita kung may wedding ring ito at lihim siyang nasiyahan nang makitang wala itong suot na singsing.

“Well, depende,” sagot nitong may American accent.

“Depende saan?”

“If I find something that would make me stay, then I might think about it,” anito.

“So, nag-e-enjoy ka sa Manila so far?”

Tumitig si Chase sa mga mata ni Frankie bago nagsalita.

“Yes, and I have a feeling it will get better,” anitong tila patungkol sa kanya ang sinabi.

Biglang namula ang mga pisngi ng dalaga. Ayaw niyang mag-assume kaya dapat kalmado lang siya at baka lumabas na atat na atat siya na makilala pa si Chase.

“Well, I hope you get to enjoy it more. I won’t keep you any longer. Your family is waiting for you. See you around,” paalam niya at naglakad na siya palayo sa binata.

“Wait,” habol nito.

Lumingon siya sa kinatatayuan ni Chase. “Yes?”

“I’m really sorry about ruining your dress. I hope I can make it up to you.”

“Don’t worry about it. I think this dress can still be salvaged,” nakangiting sagot niya.

“Frankie, can you save one dance for me tomorrow?”

Naramdaman niya ang pamumula ng kanyang mga pisngi hanggang tainga.

“Huh? Sure why not? But don’t blame me if I step on your toes,” biro niya.

“I’ll risk it.”

“Well then, I’ll save one dance for you,” sagot niya na dumoble ang kaba ng puso. Naglakad na siya palayo pero ramdam pa rin niyang tila sinundan siya ng tingin ni Chase habang naglalakad siya. Mabuti na lang at hindi siya nadapa o nadulas. Nang makarating siya sa mesa kung saan nakaupo ang kanyang mga magulang ay kaagad siyang uminom ng tubig. Hindi na rin niya ininda na may mantsa na ang kanyang damit.

Bumilib din siya sa kanyang sarili dahil kaya pala niyang makipag-usap sa isang lalaki na hindi na

masyadong nahihiya at masasabi niyang 'mild flirting' pa nga ang ginawa nila ni Chase.

Lihim na napangiti si Frankie. Ayaw man niyang mag-assume at mag-expect ng kung anuman ang maaaring mangyari sa kanila ni Chase, ang mahalaga ay naranasan niya kung paano kiligin sa isang lalaki.

# 3

“Ate, ano ang nangyari sa damit mo? It’s ruined!” wika ni Adriana nang tumabi ito sa kanya.

“Natapunan ng red wine, eh,” kibit-balikat na sagot ni Frankie.

“Natapunan ng red wine? Ang clumsy mo talaga, ’Te. Naku! Tiyak magagalit si Ate Ashley kapag nakita niya ang damit mo. Paano na mamaya kapag picture-taking na?” nag-aalalang tanong nito.

“Chill lang, Ria. Uupo na lang ako dito para hindi makita ni Ashley. Kilala natin siya, gusto niyang siya lang ang center of attention kaya dedma na siya sa akin. Magtatago na lang ako sa likod mo kapag picture time para hindi mahalata ang stain sa damit ko,” paliwanag niya.

“Ate, kilala mo ba ’yung lalaking nakatayo sa tabi ni Kuya Edward? Panay kasi ang tingin dito, eh,” puna ng kapatid niya.

Tiningnan ni Frankie ang tinutukoy ni Adriana. Nakita niyang nakatayo si Chase sa tabi ni Edward at pasulyap-sulyap ito sa kanya. Nang magtama ang kanilang mga mata ay ngumiti ito sa kanya. Bigla

siyang pinamulahan ng mga pisngi at hindi iyon nakaligtas sa mapanuring mga mata ng katabi.

“Kilala mo, ’no? Kamag-anak ba ni Kuya Edward ’yun? At bakit panay ang beautiful eyes sa iyo? Aha, siguro may gusto siya sa iyo? Umamin ka na, Ate,” pangungulit ni Adriana.

“Nag-beautiful eyes lang, may gusto na agad? Baka naman napuwing lang siya at baka hindi sa akin ngumiti. Ang lawak naman ng imahinasyon mo, Ria,” paiwas na sagot niya.

“Ate, kilala kita. Alam kong kapag nae-excite ka ay lumalaki ang butas ng ilong mo. O sige, sabihin na nating di mo kilala ’yung guy pero sa unang tingin, ano ang impression mo sa kanya? Type mo ba?” mapanubok na tanong nito.

“Naku, Ria! Sa unang tingin pa lang alam mo nang habulin ng babae ang lalaking ’yun at malamang taken na siya.”

“Ate, ang tanong ko ay kung type mo, hindi ko pinahuhulaan ang civil status niya o kung habulin man siya ng girls. Ang tipo ba niya ang magugustuhan mo?”

“Ang tanong ko naman sa iyo, dear sister, ako kaya magugustuhan niya?”

“Ate, nega na naman ’yang comment mo, eh. Kaya tuloy walang nanliligaw sa iyo dahil pinangungunahan mo ang mga lalaki. Dahil kung ako ang tatanungin mo, malaki ang chance na type ka din noong guy na ’yun. Gusto mo bang lumapit na ako sa kanya at tanungin siya kung gusto ka niyang makilala?” mapangahas na suhestyon ni Adriana at akma na itong tatayo nang pigilan niya ito.

“Don’t you dare, Ria! Okay, fine. Twice na kaming nagkabunguan ni Chase at siya ang nakatapon ng red wine sa damit ko by accident nang sabay naming buksan ang pinto. Kaya siguro ngumingiti siya ay dahil nahihiya siya sa nangyari kanina. Iyon lang ’yun, ’wag mo na lang lagyan agad ng malisya, okay?” paliwanag ni Frankie.

“Oh, my! Ate, it must be fate! Tama talaga ang kutob ko kanina pa na may exciting na nangyari sa iyo. Iba kasi ang glow at ngiti mo simula nang makita kita today. Brace yourself but I think he’s coming this way. I’ll keep away for now, pero you must keep me updated, ha?”

“Ria, huwag na huwag kang magsasabi ng kung anu-anong kwento kina Mommy at sa mga ate mo. Huwag kang atribida diyan dahil sa totoo lang, ayokong mag-assume ng kung anuman, okay?”

“Fine, Ate, secret natin ito. Advice ko lang, don’t let this chance pass you by. Kung anuman ang kahahantungan nito ay hayaan mo lang na makilala siya and who knows where it may lead you. Take a risk for once, Ate, get out of your comfort zone and you will find out that all it takes for love to come into your life, is to let someone see how wonderful a person you really are,” wise na payo ni Adriana.

Biglang nangilid ang luha sa gilid ng mga mata ni Frankie dahil sa narinig mula sa kapatid. Ngayon niya lang ito naringgan na magsalita ng ganoon sa kanya at labis niyang na-appreciate ang mga sinabi nito. For the longest time, nanaig sa puso niya ang takot at lagi na lamang siyang naroon sa kanyang comfort zone. Kung ano ang madalas niyang nakasanayan ay iyon lamang ang kanyang ginagawa.

She had never taken a risk in her life. And maybe now would be the time to take a leap of faith. Bago umalis si Adriana ay pinisil nito ang kanyang balikat bilang tanda na kakampi niya ito.

Bago pa man makalapit si Chase kay Frankie ay nag-grand entrance na si Ashley. Kulang na lang ay may banda pang tutugtog para i-announce ang pagdating nito. Kaagad itong sinundo ni Edward sa pinto at magkahawak-kamay na naglakad ang dalawa

patungo sa harapan ng function room. Pakaway-kaway pa si Ashley na animo'y beauty queen na rumarampa.

Hindi na nagkaroon ng pagkakataon na makausap ni Frankie si Chase na ikinalungkot niya. May mga assigned tables kasi at nang ihain na ang pagkain at nagkaroon ng munting programa. Matapos ang dinner ay lumapit si Corinne sa kanya.

“Te, dalhin mo naman si Andi sa suite at inaantok na siya, eh. Patulugin mo na, ha? Mayamaya lang ay aakyat na kami ni Victor,” anito.

Gusto sana niyang tumanggi, pero nang makita niya ang maamong mukha ng pamangkin na inaantok na ay nanlambot na naman ang kanyang puso. Kaagad niyang binuhat si Andi at kinuha ang door key para sa suite ng mga ito. Kasama ang pamangkin ay umalis na si Frankie sa pagtitipon.

Nang makatulog na si Andi at umakyat na si Victor para bantayan ito ay saka lamang lumabas ng suite si Frankie. Pagdating niya sa pinto ng kanyang suite ay may isang pink rose na nakaipit sa doorknob, may note na nakasabit sa bulaklak. Kinabahan siya nang todo at nanginginig ang kamay niyang kinuha ang rosas at binasa ang note.



*Frankie, be my date tomorrow?*

*- Chase*

Napangiti siya at labis na kilig ang naramdaman dahil sa rose at note na ibinigay ni Chase. Masayang-masaya siya. First time na may nagyayang mag-date sa kanya at hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin.

Ngayon niya lang naramdaman ang ganoong klaseng feeling. Kahit noong teenager siya ay walang nanligaw sa kanya. Hindi niya naranasan ang mga normal na pinagdaraan ng mga babae dahil walang sinumang nagkagusto sa kanya.

Naisip niya ang payo ni Adriana na dapat magtake na siya ng risk at umalis sa kanyang comfort zone. Ano nga ba nga ang gagawin ni Frankie, protektahan ang puso niya o hayaan niyang subukan kung may chance na magmahal at mahal in siya?

---

Kaharap ni Chase ang isang kopita ng champagne sa bar ng hotel. Mag-isa lamang siya roon dahil pinili ng mga pinsan niya na maagang matulog. Ilang

araw pa lang siya sa Maynila at mukhang mawiwili siya sa lugar. Sampung taong gulang pa lamang siya nang umalis ang kanyang pamilya para manirahan sa California. Doon na niya ipinagpatuloy ang pag-aaral hanggang makapagtapos at makapagtrabaho.

Thirty-four years old na siya at hinog na siya para magpamilya. Isa siyang reformed playboy at ladies' man. May panahon noong kabataan niya na laro lang ang lahat pati ang babae at pakikipagrelasyon. Nasaktan kasi siya nang labis ng naunang mga babaeng minahal niya at pagkatapos ng bitter breakup nila ay naging fancy-free na lamang siya.

Pero nitong nagdaang taon ay nag-mellow na ang binata. Pagod na siya sa pagkakaroon ng mga panandaliang relasyon na walang pinatutunguhan. Kaya nag-lie low muna siya sa pakikipag-date at pinagtuunan ng pansin ang trabaho niya bilang isang real estate agent. Madalas siyang tanungin ng kanyang mga magulang kung kailan ba siya mag-aasawa, pero ngiti lang parati ang sagot niya sa mga ito. Hindi kasi sigurado si Chase kung siya ba ay isang 'marrying kind' na lalaki.

Masasabing 'commitment phobic' siya. Takot siyang matali sa isang babae. Kaya nga naging 'Chase' ang palayaw niya dahil 'he likes the thrill of the chase

but once he has captured the girl he wants, he quickly lose interest'. Ganoon siya at hindi niya alam kung magbabago pa siya.

Pero nitong nagdaang taon ay masasabing nagiging good boy na siya. Wala na siyang interes makipaglaro sa mga babae at parang may hinihintay lang siyang karapat-dapat at maiisipan na niyang mag-settle down na rin.

Aaminin niya, nang magkabunguan sila ni Frankie sa lobby ay hindi naman siya naging attracted dito, pero nakadama siya ng 'warmth' galing sa babae. She seemed like a genuinely nice person. Kakaiba ito sa mga babaeng nakadaupang-palad niya sa Amerika na aggressive at forward.

Nang pangalawang pagkakataon na magkabanggaan sila ay lalo siyang napahanga ng ugali ni Frankie. Imbis na magalit at mag-hysteria dahil natapunan niya ng red wine ang damit nito ay kalmado pa ito.

Hindi man lang niya naringgan ito ng anumang masasamang salita. Kampante lamang ang babae at hindi nagalit sa kanya. And he was truly amazed by her. Not by her beauty but by her character. Pero iba rin ang ganda ni Frankie kumpara sa mga kapatid nito. Hindi sila magkakamukha at masasabing kung

features ang titingnan ay mas magaganda talaga ang mga kapatid nito, pero may ibang aura si Frankie na tila bumibihag kay Chase.

Hindi kasi overconfident ang dalaga at conservative ang mga kilos nito. Sa nakita niya ay mas gusto nito na nasa likod lang ng mga kaganapan at ayaw na maging sentro ng spotlight, hindi tulad nina Ashley at Corinne. Kahit ang bunsong si Adriana ay bibang-biba rin, pero si Frankie ay tahimik lamang na nagmamasid.

Hindi niya sinadyang marinig ang pag-uusap nina Edward at Ashley tungkol kay Frankie...

*“Ashley, birthday naman ni Ate Frankie baka puwedeng i-celebrate din natin sa reception bukas, like maybe have a cake for her and some flowers. After all, malaki din ang hirap niya sa pagtulong sa atin sa preparation for our wedding,”* suhestyon ni Edward.

*“No way! Araw natin bukas, ayokong magkaroon ng kahati sa wedding day natin. Isa pa, kilala mo si Ate, ayaw niyang sine-celebrate ang birthday niya lalo na at nadagdagan na naman ang edad niya pero single pa din siya,”* dahilan ni Ashley.

*“Eh, ano ang dapat nating gawin para naman hindi siya malungkot dahil kasabay ng wedding natin*

ang birthday niya?” tanong nito.

“Huwag mong intindihin si Ate. Hindi naman mahalaga kung birthday niya bukas, eh. Ang mahalaga ay bukas na ang wedding natin, no need to worry about her,” nagmamalditang sagot ng babae.

“Bakit ba ganyan ang attitude mo sa ate mo? Madalas kang humingi ng pabor, pero ni ayaw mo man lang gumawa ng kahit konting magandang bagay para sa kanya.”

“Ay naku, Edward! Ipakilalala mo na lang ’yung pinsan mong si Chase kay Ate para naman magkaroon ng konting excitement ang buhay niya. Pero sa tingin ko, hindi magugustuhan ni Chase si Ate, hindi kasi siya sophisticated. Kung magbihis siya, eh, parang manang noong unang panahon. Pinagawan ko nga ng magandang damit, pero ano ang ginawa niya? Ayun, minantsahan pa. So clumsy talaga si Ate, kaya walang magkagusto sa kanya,” naiinis na turan ni Ashley.

Hindi maintindihan ni Chase kung bakit naiinis siya sa mga sinabi ni Ashley tungkol sa ate nito. Hindi naman sila close ni Frankie, pero parang gusto niyang protektahan ito sa kamalditahan ng kapatid.

Nalungkot din siya dahil kaarawan pala nito kinabukasan, pero para bang walang pakialam si

Ashley. Nilapitan siya ni Edward at humingi ng pabor. Wala namang nakitang masama si Chase, kaya hindi siya nagdalawang-isip na sumang-ayon. Dahil wala naman siyang date para sa reception ay pumayag siyang maging escort ni Frankie. Hindi rin siya abay kundi bisita lang at dahil nakilala na niya ang dalaga ay wala siyang nakitang problema kung sila man ang maging magka-date, iyon ay kung papayag si Frankie.

Malinis ang hangarin niya. Ang mapasaya si Frankie sa kaarawan nito at para makilala niya pa ito nang lubusan. Hindi naman dahil sa nagbabalak siyang ligawan ito. Naisip niyang maaaring maging mabuting kaibigan ang babae habang nasa bansa siya. He found her different from all the girls he met and dated and it was so surprising to find out that a girl like Frankie existed.

Sweet, kind, gentle and understanding ang mga adjectives na puwedeng i-describe sa dalaga. Kahit pa saglit lang ang naging interaction nilang dalawa ay nakita na niya ang mga katangian nito.

He was hoping that she would accept his invitation to be his date at the reception. Hindi maintindihan ni Chase ang sarili, bihasa na siya sa pakikipag-date pero bakit tila kinakabahan siya na baka hindi tanggapin

*Never A Bride - Mariflor Jose*

---

ang kanyang alok? Would it be his ego that'd be hurt if she would reject him, or his heart?